

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sinasara ng Lungsod ng Brampton ang lahat ng parke para makatulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso, 2020) – Magsisimula kaagad, ang lahat ng higit sa 500 parke ng Brampton ay sarado sa publiko, hanggang sa karagdagang abiso, para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19.

Kabilang dito ang:

- mga playground
- leash-free na mga parke ng aso
- lahat ng mga pasilidad ng outdoor sports at kasangkapan sa outdoor fitness
- mga shelter sa pagpi-picnic

Ilalagay ang karatulo na nagsasabi sa pagsasara ng parke sa mga parke ng Lungsod sa linggong ito.

Ang mga pagsasarang ito ay naaayon sa tagubilin ng Peel Public Health sa mga residente na isagawa ang physical distancing o hindi paglapit sa ibaba at iwasan ang mga pagtitipon sa mga lugar na pampubliko.

Dapat makipag-ugnayan ang mga residente sa Security Services ng Lungsod para i-report ang isyu sa 905.874.2111.

Para sa mga pinakabagong update kung ano ang ginagawa ng lungsod sa panahon ng sitwasyon ng COVID-19, bumisita sa www.brampton.ca/COVID19.

Mga Quote

“Sa Lungsod ng Brampton, ang ating prayoridad ay at palaging ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga residente. Committed tayo sa paggawa nang hanggang kaya natin para makatulong sa pagpigil sa dagdag na pagkalat ng COVID-19. Hinihimok natin ang mga residente na panatilihin ang physical distancing, at para mapabagal ang bilis ng impeksyon, kailangan nating gumawa ng mas matatag na mga pamamaraan para ipaalam ang mensahe. Talagang napakahalaga na maunawaan ng mga residente ang pagiging seryoso ng sitwasyon na ito at ang kahalagahan ng hindi paglapit sa iba o physical distancing at pananatili sa bahay sa panahong ito.”

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

“Ang anunsyo sa araw na ito na isara ang lahat ng parke sa Brampton ay muling nagkumpirma sa ating commitment na panatilihin ang ating mga residente at staff sa panahong ito. Ang COVID-19 ay isang mabilis na kumakalat na pandemic, at sinusubaybayan natin ang sitwasyon at patuloy na gagawa ng naaayon na mga hakbang.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca